Filipino / Pilipino


Australian Government

SAPILITAN ANG PAGBOTO

Ang iyong opisyal na

# booklet ng reperendum

KABILANG SA BOOKLET NA ITO ANG:





pahina 5




pahina 23

# Tungkol sa booklet na ito

Itong opisyal na booklet ng reperendum ay naglalaman ng dalawang mahahalagang mga dokumento:
Ang iyong opisyal na Yes/No na polyeto ng reperendum, at
Ang iyong opisyal na gabay para sa 2023 na reperendum.




**pahina 5**

## Ang iyong opisyal na Yes/No na polyeto ng reperendum

**Pahina 6** **Anong maaaring magbago sa Saligang Batas**

Tinutukoy sa pahinang ito ang panukalang mga pagbabago na gagawin sa Saligang Batas.

Ang panukalang batas ay ipinasa ng dalawang Kapulungan ng Parliyamento (Houses of Parliament): Pagbabago ng Saligang Batas 2023 (Tinig ng Aborihinal at Taga-islang Torres Strait) (Constitution Alteration (Aboriginal and Torres Strait Islander Voice) 2023).

**Pahina 7** **Ang mga kaso ng Yes at No**

Ang kaso para sa pagboto ng Yes at ang kaso para sa pagboto ng No ay nakalahad nang magkatabi.

Ang mga kaso na Yes/No ay inilaan ng mayoridad na mga miyembro ng Parliyamento na bumoto ayon sa o laban sa panukalang batas at nagnanais na isulong ang partikular na kaso.

**Ang AEC ay walang lehislatibong kapangyarihan para magpabago o mag-imbestiga ng katotohanan (fact check) sa mga kaso ng Yes o No.**




**pahina 23**

## Ang iyong opisyal na gabay para sa reperendum ng 2023

Ang opisyal na gabay ay naglalaman ng mahalagang impormasyon tungkol sa pagboto at mga lugar ng botohan at isang mensahe mula sa Komisyonado ng Halalan.

Ang opisyal na gabay ay inihanda ng Komisyon sa Halalan ng Australya (AEC).



# Mga bersyon na nakasalinwika at makukuhang pormat

**Ang iyong opisyal na booklet ng reperendum ay makukuha sa wikang Ingles at sa iba pang mga wika ng nagkakaiba't-ibang wika at kultura na komunidad, mga wika ng Mga Unang Tao (audio lamang), at mayroon pang nasa mga pormat sa Ingles para sa mga botante na bulag o mahina ang paningin, at nasa Easy Read (Madaling Basahin) (opisyal na gabay lamang).**

**Para sa karagdagang impormasyon sa pagboto at tungkol sa reperendum, mangyaring tawagan ang 1300 720 153 para matulungan sa iyong wika.**

Itong pahina ay sinadyang iniwanang blangko.



Australian Government

SAPILITAN ANG PAGBOTO

# Ang iyong opisyal na YES | NO na polyeto ng reperendum

# Ano ang maaaring magbago sa Saligang Batas

## Pahayag sa mga panukalang pagbabago na gagawin sa Saligang Batas

Ang panukalang batas, na ang Pagbabago sa Saligang Batas (Tinig ng Aborihinal at Taga-islang Torres Strait) 2023 (Constitution Alteration (Aboriginal and Torres Strait Islander Voice) 2023, ay babaguhin ang Saligang Batas sa pamamagitan ng pagsisingit ng mga sumusunod na salita pagkatapos ng Kabanata 8:

### Kabanata 9—Pagkikilala sa Mga Taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait (Chapter IX–Recognition of Aboriginal and Torres Strait Islander Peoples)

#### 129 na Aborihinal at Taga-islang Torres Strait (Aboriginal and Torres Strait Islander Voice)

Bilang pagkilala sa mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait na Mga Unang Tao ng Australya:

(i) na magkakaroon ng isang samahan na tatawaging Tinig ng Aborihinal at Taga-islang Torres Strait;

(ii) ang Tinig ng Aborihinal at Taga-islang Torres Strait ay maaaring gumawa ng mga representasyon sa Parliyamento at sa Ehekutibong Pamahalaan ng Komonwelt (Executive Government of the Commonwealth) para sa mga bagay na may kaugnayan sa mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait;

(iii) ang Parliyamento ay magkakaroon sa ilalim ng Saligang Batas na ito ng kapangyarihan na gumawa ng mga batas na kaugnay sa mga bagay ng Tinig ng Aborihinal at Taga-islang Torres Strait, kabilang ang pagkakabuo nito, mga tungkulin, at mga pamamaraan.

Babaguhin din ng panukalang batas ang Saligang Batas sa pamamagitan ng pagsisingit ng sumusunod na mga salita sa Talaan ng Mga Nilalaman (Table of Contents) ng Saligang Batas, pagkatapos ng pagkabanggit sa 'Kabanata 8 Pagbabago ng Saligang Batas' ('Chapter VIII Alteration of the Constitution'):

| | |
|---|---|
| Kabanata 9<br>(Chapter IX | Pagkikilala sa Mga Taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait<br>Recognition of Aboriginal and Torres Strait Islander Peoples) |



# Sa sumusunod na mga pahina makikita mo ang mga kaso ng **Yes** at **No**

Ang mga argumento sa bawa't kaso ay inilaan ng mayoridad na Mga Pederal na Miyembro ng Parliyamento na bumoto ayon sa o laban sa panukalang batas na baguhin ang Saligang Batas, at nagnanais na isulong ang partikular na argumento.

Ang mga bumoto para sa panukalang batas at nagnanais na isulong ang ganyang argumento ay naglikha ng kasong Yes, habang ang mga bumoto na laban sa panukalang batas at nagnanais na isulong ang ganitong argumento ay naglikha ng kasong No.

Ang bilang ng salita ay pinaghigpitang hanggang sa 2,000 mga salita sa bawa't kaso alinsunod sa section 11(1) ng *Referendum (Machinery Provisions) Act 1984 (Cth).*

# Ang kaso para sa pagboto ng

# Yes

Ang kaso para sa pagboto ng **Yes** ay nagsisimula sa **pahina 10** at pagkatapos ay nakalahad sa tuwing ikalawang mga pahina.

### Isang panukalang batas:

Para baguhin ang Saligang Batas upang kilalanin ang Mga Unang Tao ng Australya sa pamamagitan ng pagtatatag ng isang Tinig ng Aborihinal at Taga-islang Torres Strait.

### A proposed law:

To alter the Constitution to recognise the First Peoples of Australia by establishing an Aboriginal and Torres Strait Islander Voice.

**Sino ang may-akda nito?**

**Ang nilalaman nitong argumento (na matutunghayan sa aec.gov.au/referendums/pamphlet.htm) ay pinahintulutan ng mayoridad na mga miyembro ng Parliyamento na bumoto para sa panukalang batas at nagnanais na isulong ang kasong ito. Itong mga salita ay nilimbag ng Komisyonado ng Halalan na walang pagbabago.**



# Ang kaso para sa pagboto ng

# No

Ang kaso para sa pagboto ng **No** ay nagsisimula sa **pahina 11** at pagkatapos ay nakalahad sa tuwing ikalawang mga pahina.

### Isang panukalang batas:

Para baguhin ang Saligang Batas upang kilalanin ang Mga Unang Tao ng Australya sa pamamagitan ng pagtatatag ng isang Tinig ng Aborihinal at Taga-islang Torres Strait.

### A proposed law:

To alter the Constitution to recognise the First Peoples of Australia by establishing an Aboriginal and Torres Strait Islander Voice.

**Sino ang may-akda nito?**

**Ang nilalaman nitong argumento (na matutunghayan sa aec.gov.au/referendums/pamphlet.htm) ay pinahintulutan ng mayoridad na mga miyembro ng Parliyamento na bumoto ng laban sa panukalang batas at nagnanais na isulong ang ganitong kaso. Itong mga salita ay nilimbag ng Komisyonado ng Halalan na walang pagbabago.**

# Ang kaso para sa pagboto ng **Yes**

**Bumoto ng Yes para sa mas magandang hinaharap ng mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait (Aboriginal and Torres Strait Islander people) at sa lahat ng mga Australyano.**

**Bumoto ng Yes para sa pakakaisa, pag-asa at makagawa ng positibong pagkakaiba.**

## Ang pagboto ng YES ay tungkol sa:

**Pagkilala**

- **Kilalanin** ang mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait (Aboriginal and Torres Strait Islander) sa ating Saligang Batas at pagbibigay galang sa 65,000 na mga taon ng kultura at tradisyon.

**Pakikinig**

- **Pakikinig** sa payo ng mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait tungkol sa mga bagay na nakakaapekto sa kanilang mga buhay upang ang mga pamahalaan ay gumawa ng mas mahusay na mga desisyon.

**Mga mas mabuting resulta**

- **Pagkakaroon ng praktikal na pag-unlad** sa kalusugan, edukasyon, pagka-empleyo at pabahay ng Katutubo, para ang mga tao ay magkaroon ng mas mabuting pamumuhay.

## Ito ay pagbabago na ikaw lamang ang makakagawa.

Bumoto ng Yes sa isang ideya na direktang nanggaling sa mismong mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait: **Pagkikilala sa Saligang Batas sa pamamagitan ng isang Tinig (Constitutional Recognition through a Voice).**

### Ano ang Tinig:

Ang Tinig (Voice) ay isang lupon ng mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait na magpapayo sa Parliyamento at Pamahalaan sa mga problemang nakakaapekto sa kanilang komunidad.

Kinabibilangan ito ng mga Katutubong Australyano sa bawa't estado at teritoryo, ng mga islang Torres Strait at mga kinatawan mula sa mga rehiyon at liblib na komunidad.

Ang mga miyembro ng Tinig ay pipiliin ng mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait sa kanilang lokal na lugar at manunungkulan sa isang nakatukoy na panahon.

## Bakit kailangan natin ito:

May mga malalaking paghamon na kinakaharap ang mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait:

- Ang kahabaan ng buhay ay 8 taon na mas maikli kumpara sa mga di-katutubong Australyano.
- Pinakagrabeng mga antas ng pagkasakit at pagkamatay ng sanggol.
- Dobleng taas ng antas sa pagpapatiwakal.
- Mas kakaunting mga oportunidad sa edukasyon at pagsasanay.

Malinaw na, hindi gumagana ang mga kasalukuyang diskarte.

Upang matakpan itong mga puwang, makahanap ng mga solusyon at magplano para sa hinaharap, kailangan nating pakinggan ang payo mula sa mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait tungkol sa mga problemang nakakaapekto sa kanilang mga buhay at komunidad.

## Paano gagana ang Tinig:

**Ang Tinig ay tungkol sa payo.**

Kapag pinakikinggan ng mga pamahalaan ang mga tao tungkol sa mga problemang nakakaapekto sa kanila, sila ay:

- Gumagawa ng mas mahusay na mga desisyon.

patuloy ng kasong Yes sa p.12

**Sino ang may-akda nito?** **Ang nilalaman nitong argumento (na matutunghayan sa aec.gov.au/referendums/pamphlet.htm) ay pinahintulutan ng mayoridad na mga miyembro ng Parliyamento na bumoto para sa panukalang batas at nagnanais na isulong ang kasong ito. Itong mga salita ay nilimbag ng Komisyonado ng Halalan na walang pagbabago.**



# Ang kaso para sa pagboto ng **No**

## MGA DAHILAN PARA BUMOTO NG NO – ISANG BUOD

Itong Reperendum ay hindi lamang tungkol sa "pagkilala". Itong panukalang Tinig (Voice) ay may mas higit pa rito.

Kapag makapasa, ito ay kumakatawan ng pinakamalaking pagbabago sa ating Saligang Batas sa ating kasaysayan.

Ito ay ligal na mapanganib, na may mga hindi alam na mga kalalabasan. Ito ay magiging mapanghiwalay at permanente.

**Kung hindi mo alam, bumoto ng no.**

### MAPANGANIB

Gusto nating lahat na makatulong sa mga Katutubong Australyano na nasa mga disbentaheng komunidad. Nguni't, itong Tinig ay hindi kasagutan para diyan at nagdudulot ng makatotohanang panganib sa ating sistema ng pamahalaan.

Itong Tinig ay partikular na sinasaklaw ang lahat ng mga lugar ng "Ehekutibong Pamahalaan" ("Executive Government"). Nangangahulugan ito na walang isyu na hindi nito kayang abutin.

Ang Mataas ng Hukuman ang sa bandang huli na siyang magtutukoy ng mga kapangyarihan nito, hindi ang Parliyamento.

Magpepeligro ito sa mga ligal na paghahamon, pagkaantala at may depektong pamahalaan.

### HINDI ALAM

Walang detalyeng ibinigay kung paano pipiliin ang mga miyembro ng Tinig o kung paano ito patatakbuhin. Hinihiling muna na bumoto ang mga Australyano bago malalaman ang mga detalyeng ito.

**Dapat na alam ng mga Australyano ang mga detalye bago pa ang botohan, hindi pagkatapos.**

Hindi natin alam kung paano ito gagana, hindi natin alam kung sino ang makakapwesto ngunit alam natin na permanenteng bubuwagin tayo bilang mga Australyano.

Ang ilang mga tagasuporta ng Tinig ay nagsasabing isa lang ito sa unang hakbang tungo sa mga pagbabayad-puri at kompensasyon at iba pang mga radikal na pagbabago. Kaya, ano pa ang kasunod?

### MAPAGHATI

Ang pagsasadambana ng isang Tinig sa Saligang Batas para lang sa isang grupo ng mga Australyano ay mangangahulugan na permanenteng paghahatiin ang ating bansa.

Lumilikha ito ng ibat-ibang mga klase ng pagkamamamayan sa pamamagitan ng isang hindi kilalang lupon na may lubos na kapangyarihan na suportado ng Saligang Batas. Maraming mga Katutubong Australyano ang hindi sumusuporta nito.

### PERMANENTE

Ang paglalagay ng Tinig sa Saligang Batas ay mangangahulugang ito ay permanente. Mababaon tayo sa mga negatibong kahihinatnan.

## SAMPUNG MGA DAHILAN PARA BUMOTO NG NO

### 1. ITONG TINIG AY MAY PANGLIGAL NA PANGANIB

Ang Saligang Batas ng Australya ang siya nating pinakamahalagang ligal na dokumento. Ang bawat salita ay bukas para sa interpretasyon nito.

Hindi pa binago ng Australya ang Saligang Batas nito magmula pa noong 1977. **Ito ang magiging pinakamalaking pagbabago sa ating demokrasya sa kasaysayan ng Australya.**

Ito ay isang pagtalon tungo sa hindi natin alam. Itong Tinig ay hindi pa nasusubukan. Wala itong mapaghahambingan na lupong konstitusyunal kahit saan man sa mundo.

Ang pagsadambana ng Tinig sa Saligang Batas ay mangangahulugang nakabukas ito para sa ligal na paghahamon at interpretasyon ng Mataas na Korte.

patuloy ng kasong No sa p.13

**Sino ang may-akda nito?** **Ang nilalaman nitong argumento (na matutunghayan sa aec.gov.au/referendums/pamphlet.htm) ay pinahintulutan ng mayoridad na mga miyembro ng Parliyamento na bumoto ng laban sa panukalang batas at nagnanais na isulong ang ganitong kaso. Itong mga salita ay nilimbag ng Komisyonado ng Halalan na walang pagbabago.**

# Ang kaso para sa pagboto ng **Yes**

- Nakakakuha ng mas mahusay na mga resulta.
- Naghahatid nang mas mahusay at nakatipid sa nagastos.

Ang Tinig ay magbibigay ng payo sa mga mahahalagang isyu na kinakaharap ng mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait, tungo sa mas mahusay na pangkalusugan para sa sanggol at pagpapahusay ng mga serbisyo sa mga liblib na lugar.

Ang Parliyamento at Pamahalaan ang sila pa ring may pananagutan sa lahat ng mga batas, programa at pagpopondo.

**Si Patrick Dodson, Senador ng Western Australiya, isang Yawuru Elder:**
*"Kapag pinakinggan at binigyang pansin ang mga taong nasa lupa, makakagawa ng mas mahuhusay na mga batas at patakaran. Ang payo mula sa Tinig ay magbibigay daan sa aming mga desisyon at direksyon na mas may kaalaman at matagumpay. Magpapagaling sa ating bansa ang Pagkikilala sa Saligang Batas."*

## ANG TINIG: MGA MAHALAGANG KATUNAYAN

- Lumabas ang ideya mula sa mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait.
- Pagkikilala sa Mga Unang Tao (First Peoples) sa ating Saligang Batas.
- Ang isang lupon ng mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait.
- Magbibigay sa mga tao ng pagkakataong makapagsalita sa mga problemang nakakaapekto sa kanila.
- Ang pakikinig ay nangangahulugan ng mas mahusay na mga resulta – at nakamura at nakatipid sa gastos.
- Ang mga kinatawan na manggagaling sa lahat ng mga estado at teritoryo, mga islang Torres Strait at mga liblib na komunidad.
- Makakasali ang mga kabataan at may balanse ng bilang ng mga kalalakihan at kababaihan.
- Ang Parliyamento at Pamahalaan pa rin ang may pananagutan sa lahat ng mga batas, programa at pagpopondo.

## IPAGPATULOY ANG PAGBASA PARA SA 8 PANG MGA DAHILAN UPANG BUMOTO NG YES.

## 1. Itong ideya ay direktang nagmula sa mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait.

Ang pagboto ng Yes ay mangangahulugang:

- Pagsusuporta sa isang mithiin na inilatag ng mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait sa ilang mga dekada nang nakalipas.
- Pagtanggap ng panukala na itinataguyod ng mahigit sa 80% na mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait.

**Ang panawagan para sa Tinig ay hindi nanggaling sa mga pulitiko.**

Noong 2017, pagkatapos ng maraming taon na pagtrabaho at di-mabilang na mga pag-uusap sa lahat ng dako ng bansa, halos aabutin sa 250 na mga pinuno at nagmamatanda (elders) na Aborihinal at Taga-islang Torres Strait ang nag-indorso ng *Pahayag mula sa Puso sa Uluru (Uluru Statement from the Heart).*

Pananawagan para kilalanin sa Saligang Batas sa pamamagitan ng isang Tinig.

Pinakikiusapan tayong tumulong para gumawa ng praktikal na pagbabago sa kanilang mga buhay at makalikha ng mas magandang oportunidad para sa kanilang mga anak.

> Ang lahat ng mga Australyano maging mayaman o mahirap, maging anumang mga relihiyon o kultura at ang magkabilang panig sa pulitika ay nagbigay ng kanilang suporta para sa panukalang ito.

Ngayon ay magagawa na nating magkatotoo ito.

Ang pagboto ng Yes ay isang pagkilos ng pagkakaisa na magpapabuklod-buklod sa mga Australyano.

patuloy ng kasong Yes sa p.14

**Sino ang may-akda nito?** **Ang nilalaman nitong argumento (na matutunghayan sa aec.gov.au/referendums/pamphlet.htm) ay pinahintulutan ng mayoridad na mga miyembro ng Parliyamento na bumoto para sa panukalang batas at nagnanais na isulong ang kasong ito. Itong mga salita ay nilimbag ng Komisyonado ng Halalan na walang pagbabago.**



# Ang kaso para sa pagboto ng **No**

Hindi sang-ayon ang mga eksperto sa batas, at siguradong hindi malalaman, kung paano bibigyan ng interpretasyon ng Mataas na Korte ang ganitong pagbabago sa saligang batas.

**"Nakikinita ko ang isang dekada o mahigit pa na konstitusyunal at pang-administratiba na kasuhan nang tungkol sa isang tinig..."**
*(Ian Callinan AC KC, dating Hukom sa Mataas na Hukuman)*[1]

Magbubukas ito ng mga ligal na aksyong walang kalutasan.

## 2. WALANG ANUMANG MGA DETALYE

Ito ay isang malaking desisyon. Ngunit, **ang Pamahalaan ay hindi naglalabas ng mahalagang mga detalye bago magbotohan**.

Hindi natin alam kung paano ito makakatulong sa mga disbentaheng komunidad at maisara ang puwang.

Hindi natin alam kung ilang mga miyembro ang mayroon sa Tinig.

Hindi natin alam kung sila ba ay iboboto o pipiliin o kung paano ito gaganapin.

Hindi natin alam kung paano ito magagawang kumatawan o magkakaroon ng kapanagutan.

> Itong mga detalye ay isasa-ayos lamang pagkatapos na makaboto ang mga Australyano.

Ayon sa kampanya na Yes, ito ay "*walang katuturan*" na magkaroon ng mga detalye bago ang botohan:

*"Walang katuturan na gawin iyang detalyadong konsultasyon habang wala pang suporta ng mga Australyano na baguhin ang saligang batas."*
*(Yes23 na Polyeto)*

Ito ay maling pasikot na gawain.

Bibili ka ba ng bahay na hindi mo muna iinspeksyunin o isang kotse na hindi mo man lamang susubukang papatakbuhin.

Ngunit ikaw ay sinasabihang bumoto para baguhin ang ating Saligang Batas ng walang ibinigay na mga detalye.

Ang mga Australyano ay hindi dapat hilingan na pumirma ng isang blangkong tseke.

"Paanong posible na pumayag ang mga Australyano sa bagay na hindi natin alam ang detalye?"
*(Senator Kerrynne Liddle, Shadow Minister para sa Child Protection at Prevention ng Family Violence at babaing Arrernte)*

## 3. PAGHAHATIIN TAYO NITO

> Ang pagsadambana sa ating Saligang Batas ng isang lupon para lang sa isang grupo ng mga Australyano ay mangangahulugang permananteng hahatiin ang mga Australyano. Maraming mga Katutubong Australyano ang hindi sumasang-ayon dito.

**"Hindi tayo pagkakaisahin nitong Tinig, paghahatiin tayo nito dahil sa lahi."**
*(Senator Jacinta Nampijinpa Price, Shadow Minister para sa Katutubong Australyano at isang babaing Warlpiri)*

Ito ay paglabag sa mahalagang prinsipyo ng ating demokratikong sistema, na ang lahat ng mga Australyano ay pantay-pantay sa harap ng batas.

"Ang pagsasali ng panukalang s 129 ay mangangahulugan na tayo ay naging isang bansa na kung saan, kung kailan tayo o ang ating mga ninuno ay unang dumating sa bansang ito, na hindi lahat tayo magkakapantay-pantay."
*(David Jackson AM KC, dating Hukom ng Pederal na Korte)*[2]

---

1 The Australian, 17/12/2022
2 Parliamentary Inquiry Submission, 11/04/2023

patuloy ng kasong No sa p.15

**Sino ang may-akda nito?** **Ang nilalaman nitong argumento (na matutunghayan sa aec.gov.au/referendums/pamphlet.htm) ay pinahintulutan ng mayoridad na mga miyembro ng Parliyamento na bumoto ng laban sa panukalang batas at nagnanais na isulong ang ganitong kaso. Itong mga salita ay nilimbag ng Komisyonado ng Halalan na walang pagbabago.**

# Ang kaso para sa pagboto ng **Yes**

## 2. Pagkikilala sa Saligang Batas para sa mga matibay na resulta.

Ang pagkilala sa Saligang Batas ay isang makapangyarihang pahayag na magtutulak ng praktikal na pagbabago.

**Ang pagboto ng Yes ay mangangahulugang:**

- Kikilalanin ang mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait bilang Mga Unang Tao ng Australya (First Peoples of Australia).
- Pagdiriwang at pakikibahagi sa 65,000 na mga taon ng kasaysayan.
- Pagpapadala ng makapangyarihang mensahe sa buong mundo tungkol sa pagkakaisa ng Australya.
- Makagawa ng isang praktikal na pagkakaiba para sa hinaharap.

Ang ating bansa ay pinagyaman ng mga henerasyon ng mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait ng kanilang kultura at pagkamalikhain, ng kanilang kaalaman sa lupa at mga karagatan, ng kanilang kontribusyon sa Australyanong pamumuhay.

Ang ating sinaunang lupain ay luklukan ng mga pinakamatandang nabubuhay na kultura. Ang pagkilala nito sa ating Saligang Batas ay isang paraan ng pabibigay-sigla para ipagdiwang ang ating pinagsaluhang kasaysayan.

Ang pagboto ng Yes ay isang aksyon ng muling pagkakasundo na maghahatid ng tunay na mga resulta.

> Ang porma ng pagkilalang hinihingi sa atin ng suporta ng mga Katutubong Australyano ay para sa isang Tinig. Isang behikulo para sa pagbabago.

**Johnathan Thurston, kampeon sa NRL at isang tagasanay (coach), lalaking Gunggari:**
*"Karapatdapat ang ating mga kabataan sa pagkakataong magiging pinakamagaling. Ako ay masidhing nakikipagtulungan sa mga nag-eeskwelang kabataan sa komunidad ng Yarrabah sa Queensland. Nakita ko ang mga balakid na kanilang hinaharap. Walang ibang mas makakaintindi tungkol diyan kundi ang kanilang lokal na komunidad. Ang pagbibigay sa kanila ng kakayahan na makapagsalita ay mangangahulugan na mas marami sa ating mga kabataan ang makakaabot ng kanilang potensyal. Iyan ang kahulugan ng Tinig."*

## 3. Tiyakin na ang mga tao ay may mas magaling na buhay.

Ang Tinig ay isang behikulo para maghatid ng mga tunay na pagpapabuti para sa mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait sa:

- Kahabaan ng buhay.
- Dami ng namamatay na sanggol at kalusugan.
- Edukasyon at pagka-empleyo.

Sa tinagal na ng panahon, ang mga pamahalaan na may magagandang intensyon ay gumastos na nang bilyong pera para subukang malutas itong mga problema.

Ngunit hindi nila naabot ang pangmatagalang pagpapabuti dahil hindi nila pinakinggan ang mga taong nasa lupa.

Ang kasalukuyang diskarte ay giba na at ang Tinig ang ating pinakamahusay na pagkakataon para maisaayos ito.

Walang sinuman na iisiping agad malulutas ng Tinig ang lahat-lahat – ngunit darating tayo sa kahulihan sa paglalagay sa lugar ng tamang diskarte.

**Narito ang tatlong mga halimbawa na may naihatid na mas mahusay na mga resulta dahil pinakinggan ang mga katutubong tao.**

**ISIPIN NA LANG ANG MAGAGAWANG PROGRESO NG AUSTRALYA DAHIL SA ISANG TINIG.**

### Gumagana ang Pakikinig: Mas Mahusay na Mga Serbisyo sa Kalusugan

Ang Mga Serbisyong Pangmedikal ng Aborihinal na kontrolado ng komunidad ay nag-eempleyo ng lokal na mga taong Katutubo.

patuloy ng kasong Yes sa p.16

**Sino ang may-akda nito?** **Ang nilalaman nitong argumento (na matutunghayan sa aec.gov.au/referendums/pamphlet.htm) ay pinahintulutan ng mayoridad na mga miyembro ng Parliyamento na bumoto para sa panukalang batas at nagnanais na isulong ang kasong ito. Itong mga salita ay nilimbag ng Komisyonado ng Halalan na walang pagbabago.**



# Ang kaso para sa pagboto ng **No**

Ang ating Saligang Batas ay para sa lahat ng mga Australyano. Ang ating Parliyamento ay naririyan para kumatawan sa lahat ng mga Australyano. Sa kasalukuyan ay may naka-record na 11 mga Katutubong Miyembro at Senador.

Ang ating pambansang awit ay binago kamakailan upang ilarawan na tayo ay "iisa at malaya".

**Kasalungat nito, itong Tinig ay permanenteng maghahati sa mga Australyano, sa batas at ispirito.**

> "Lahat tayo ay mga Australyano. At dapat sa ganyan magtatapos. Hindi ito dapat mahahati ng tinatawag na Tinig na bibiyakin ang bansa sa hanggang mismong sentro nito."
> *(Ian Conway, Central Arrernte Senior Custodian)*

## 4. HINDI ITO MAKAKATULONG SA MGA KATUTUBONG AUSTRALYANO

Gusto nating lahat na makatulong sa mga Katutubong Australyano na nasa disbentaheng mga komunidad, upang isara ang puwang at makamit ang pagkakasundo.

**Ngunit, ang dagdag na burukrasya ay hindi siyang kasagutan.**

Daan-daang mga lupon ng Katutubong kinatawan sa kasalukuyan ang nasa lahat ng mga lebel ng pamahalaan, kasama ang National Indigenous Australians Agency, na may 1,400 na kawani.

Ang sentralisadong Tinig ay may panganib na makaligtaan ang mga pangangailangan ng nasa rehiyon at liblib na mga komunidad.

> "Ang pambansang Tinig ay hindi tagapagsalita para sa bansa."
> *(Nyunggai Warren Mundine AO, miyembro ng lupon ng Australians for Unity at lalaking Bundjalung)*

Sa ngayon, maraming tinig ang naghihiyaw ng tulong para harapin ang nakawawasak na problema ng lipunan doon sa ilang mga liblib na komunidad. Ang kailangan ay aksyon.

> **"Ang kailangan natin sa Canberra ay mga tenga, hindi ang Tinig."**
> *(Senator Jacinta Nampijinpa Price, Shadow Minister para sa Indigenous Australians at babaing Warlpiri )*

## 5. WALANG ISYU NA LAMPAS SA KANYANG SAKLAW

Itong modelo ng Tinig ay hindi lang para sa Parliyamento, mas malawak pa – hanggang sa lahat ng mga lugar ng "Ehekutibong Pamahalaan". **Na makakabilang ang lahat ng mga kagawaran ng pamahalaan, mga ahensya at iba pang mga lupon (kagaya ng Reserve Bank).**

Ang mga desisyon tungkol sa ekonomiya, pambansang seguridad, imprastruktura, kalusugan, edukasyon at marami pa, ay masasaklawan nito.

Ito ang mga salita ng isang miyembro ng Government's Referendum Working Group:

> "Ang Tinig ay may kakayahang makipag-usap sa lahat ng mga bahagi ng pamahalaan, pati na ang gabinete, mga ministro, magtatrabaho sa publiko at mga independiyenteng tanggapan na hinirang ng batas at mga ahensya – katulad ng Reserve Bank...Hindi mapapahinto ng pamahalaan ang tinig."
> (*Professors Megan Davis at Gabrielle Appleby*)[3]

Ito ang mga salita ng propesor sa batas pang-konstitusyunal na sumusuporta sa Tinig:

> "Sa palagay ko ay grabe ang depekto nito dahil ang nagagawa nito ay panatilihin ang kabuuang hanay ng pagrerepaso sa trabaho ng ehekutibo. Ibig sabihin nito na ang Tinig ay makapagkokomento sa lahat ng mga bagay mula sa submarino hanggang sa mga tiket na multa sa maling pagparada …Magkakaroon tayo ng regular na mga panghukumang pakikialam."
> (*Professor Greg Craven AO*)[4]

Marami sa mga dalubhasa sa batas ang nagpahayag ng pag-aalala tungkol sa sinasakop nito, ngunit ang kanilang mga ipinag-aalala ay simpleng pinalampas na lamang.

3 The Australian, 1/4/2023
4 Daily Mail, 24/3/2023

patuloy ng kasong No sa p.17

**Sino ang may-akda nito?** **Ang nilalaman nitong argumento (na matutunghayan sa aec.gov.au/referendums/pamphlet.htm) ay pinahintulutan ng mayoridad na mga miyembro ng Parliyamento na bumoto ng laban sa panukalang batas at nagnanais na isulong ang ganitong kaso. Itong mga salita ay nilimbag ng Komisyonado ng Halalan na walang pagbabago.**

Nagpapatakbo sila ng mga klinika at bumibisita sa mga liblib na lugar, nagbibigay ng mga mahahalagang serbisyo tulad ng pagbabakuna sa mga bata.

Sa South East Queensland, ang lokal na Aboriginal Medical Service at ang komunidad ay nagtutulungan para mas marami ang dami ng mga taunang pag-susuri ng kalusugan, nagmula sa 550 ay umabot ng mahigit 20,000 sa paglipas ng 10 taon.

### Gumagana ang Pakikinig: Mas Magaling na Mga Resulta sa Edukasyon

Ang mga pamilya at pinuno ng komunidad ay naging magkasangkot sa lahat ng hakbang sa bagong paaralan na Dhupuma Barker sa lugar ng Arnhem Land, hanggang sa mga uniporme at pagkaing pangpananghalian.

Nagtulak ang tunay na sosyohan sa **pinalakas ang antas ng mga pumapasok sa paaralan at mas mahusay na mga resulta.** Ang koponan na 'Dhupuma Firebirds' Robotics ay ang unang koponan na mula sa Northern Territory na sumali at nakipagpaligsahan kamakailan sa VEX International Championships sa Texas.

Wika ni Prinsipal Phillip Heath:
*"Ang pakikinig sa komunidad ay nagpapabago sa takbo ng pangyayari dito sa rehiyonal at liblib na edukasyon."*

### Gumagana ang Pakikinig: Mga Katutubong Tanod-gubat

Mayroong halos 2,000 na mga Katutubong Tanod-gubat (Indigenous Ranger) na nagtatrabaho sa tradisyunal na lupain.

Ang mga Tanod-gubat ay nag-aalaga sa ating kapaligiran sa pamamagitan ng **pagtatrabaho para mahadlangan ang mga sunog sa kaparangan, pagkokontrol ng mababangis na pesteng hayop at pagpapahusay ng kalusugan ng mga ilog.**

Ang pakikinig sa mga Katutubong Tanod-gubat ay nangangahulugang pakikibahagi sa 65,000 na mga taon na kaalaman at koneksyon sa ating lupain at mga katubigan.

**Bumoto ng Yes para sa mas mabuting mga resulta sa kabuuang Australya.**

**Bumoto ng Yes para tulungang maisara ang puwang.**

## 4. Pagbuklod-buklurin ang ating bansa.

Ang pagboto ng Yes ay mangangahulugang:
- Ang pagkakasundo sa ating nakaraan at patungo sa mas mabuting hinaharap.
- Ang isang pagbabago na ikaw lang ang makakagawang maganap.

Malayo na ang narating ng Australya magmula pa noong nagka-epekto ang Saligang Batas noong 1901.

Tama lang sa ngayon na ipagdiwang natin ang mga Katutubong Australyano at ang kanilang mga naging ambag sa ating bansa.

Sa 1967 na reperendum, ang 90% ng mga Australyano ay bumoto ng Yes sa pagbabago ng Saligang Batas, kaya ang mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait ay bibilangin na kasama sa populasyon na katulad din sa iba.

Isa itong pasulong na hakbang sa pagkakaisa.

Kapag nagsama-sama, may pagkakataon tayo para gawin ang susunod na hakbang – ang pagkilala sa mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait sa pamamagitan ng isang Tinig.

Ang ibang mga bansa na may katulad na kasaysayan kagaya ng Canada at New Zealand, ay pormal na kinilala ang kanilang sariling Mga Unang Tao ilang dekada na ang nakaraan.

**Ipinakikita ng karanasan na walang dapat na ikatakot – at napakaraming mabebenepisyo.**

**Si Rachel Perkins, Gumagawa ng pelikula na taga-Alice Springs, babaing Arrernte/ Kalkadoon:**
*"Ang aming mga tao ay ilang dekadang nagkakampanya para sa pagkakataon na magkaroon ng mas mabuting buhay. Hindi nabawasan ang aming pagpupunyagi o higit na pagkakaisa. Ang Tinig ang aming pinakamagaling na tirada. Tanggapin natin ito."*

patuloy ng kasong Yes sa p.18

**Sino ang may-akda nito?** **Ang nilalaman nitong argumento (na matutunghayan sa aec.gov.au/referendums/pamphlet.htm) ay pinahintulutan ng mayoridad na mga miyembro ng Parliyamento na bumoto para sa panukalang batas at nagnanais na isulong ang kasong ito. Itong mga salita ay nilimbag ng Komisyonado ng Halalan na walang pagbabago.**





### 6. MAGLALAGAY SA PANGANIB NG MGA PAG-AANTALA AT SIRANG PALAKAD

Ang Parliyamento ng Australya ay humaharap sa daan-daang mga piraso ng lehislasyon sa isang taon.

Itong saklaw ng Tinig ay lampas pa sa Parliyamento, saklaw ang mga kagawaran, ahensya at ang lahat na lugar ng "Ehekutibong Pamahalaan".

Paano ito makakayanan ng Tinig?

**Kung ang Tinig ay hindi nasiyahan sa naging paraan ng pagkonsulta o ang isang desisyon na nagawa, maaari itong maiapela sa mga korte. Gaano katagal ang kakaining panahon?**

Marami sa mga dalubhasa sa batas ang nagbabala na ito ay magsasanhi ng malaking mga pagkakaantala sa paggawa ng mga desisyon.

"Ang Tinig ay talagang magiging isang pang-akit ng kidlat (lightning rod) para sa mahahabang debate tungkol sa malawak na dagsa ng kasalukuyang mga problema. Halos ang lahat ng mga bagay na kasalukuyang pinagtatalunan sa pambansang agenda ay makikitaan ng nauukol sa parte ng Katutubo."
*(Nicholas Hasluck AM KC, dating Hukom ng Korte Suprema sa WA)*[5]

Ang panganib ng mga ligal na pag-aapela at pagkaantala ay mangangahulugan ng isang panganib ng depektibong pamahalaan.

Hindi iyan mabuti para sa Australya.

### 7. MAGBUBUKAS ITO NG PINTUAN PARA SA MGA AKTIBISTA

Ang ligal na kawalang kasiguruhan at walang mga detalye ay hahantong sa isang tanong: ano na ang susunod na mangyayari?

> Pinangungunahang sinasabi ng ilang mga sumusuporta sa Tinig na ito ang magiging unang hakbang para sa mga bayad-puri at bayad-kapinsalaan at iba pang mga radikal na pagbabago.

"Ito ang unang hakbang, isa itong mahalagang hakbang at inilalagay ang lahat ng paliwanag sa likuran nito. 'Magbayad ng Renta' isang halimbawa, paano gagawin iyan sa paraan na aktwal mong makikita ang mga bayad-puri at bayad-kapinsalaan sa mga taong Aborihinal at taga-islang Torres Strait …?"
*(Thomas Mayo, Referendum Working Group)*[6]

Ang Pahayag mula sa Puso sa Uluru (Uluru Statement from the Heart) ay nagsasabi na ang Tinig ang unang hakbang, bago ang isang kasunduan at pagsasabi ng katotohanan.

Batay sa kahulugan, ang isang kasunduan ay pagkakasundo sa pagitan ng mga pamahalaan, hindi sa pagitan ng isang grupo ng mga mamamayan at ang kanilang pamahalaan.

Ang isang miyembro ng Government's Referendum Working Group ay naglarawan ng "katotohanan" bilang "bentahe" na mapupunta sa "pagwawakas sa mga sinaunang kolonyal na mga institusyon".

"Isa itong paraan para isulong ang ating kailangan para sa ating mga tao sa anumang mga negosasyon ng mga kasunduan at para sa iba pang mga bagay kagaya ng lehislasyon, reporma, at pagbubuwag ng mga kolonyal na mga institusyon na nagpahirap sa atin.
*(Thomas Mayo, Referendum Working Group)*[7]

Nariyan na, maraming mga aktibista ang nagkakampanya na **alisin na ang Australia Day, palitan ang ating watawat at iba pang mga institusyon at simbolo** na mahalaga para sa mga Australyano.

Palagi na lang na #abolishAustraliaDay, ang pagbabago sa petsa ay isang pobreng dahilan."
*(Teela Reid, Referendum Engagement Group)*[8]

5 Parliamentary Inquiry Submission, 16/4/2023
6 SEARCH Foundation speech, 12/2/2020
7 SEARCH Foundation speech, 12/2/2020
8 Twitter, 24/1/2023

patuloy ng kasong No sa p.19

**Sino ang may-akda nito?** **Ang nilalaman nitong argumento (na matutunghayan sa aec.gov.au/referendums/pamphlet.htm) ay pinahintulutan ng mayoridad na mga miyembro ng Parliyamento na bumoto ng laban sa panukalang batas at nagnanais na isulong ang ganitong kaso. Itong mga salita ay nilimbag ng Komisyonado ng Halalan na walang pagbabago.**

# Ang kaso para sa pagboto ng Yes

## 5. Makatipid ng pera.

Kapag ang mga pamahalaan ay nakikinig sa mga tao, mas magagaling ang makamit na mga resulta at mas epektibo ang paggamit ng pagpopondo.

**Si Aunty Pat Anderson AO, Co-Chair Uluru Dialogues, babaing Alyawarre:**
*"Kapag isinangkot mo ang mga tao, nakakagawa ka ng mas mahusay na mga desisyon at ang pera na gagastusin mo ay mapapapunta sa lugar na mas kinakailangan ng husto: sa mga taong nasa lupa."*

Ang mga Pamahalaan ng magkabilang partido ay namuhunan na ng mga bilyong pera sa mga programa na hindi naman nakalutas sa mga problema o nakarating sa mga komunidad.

Ang isang Tinig ay makakatulong sa atin na makinig sa mga taong lokal at makatipid ng pera.

Mas mabuti ang katayuan nating lahat kung ang mga pamahalaan ay hindi nag-aaksaya ng pera ng taong-bayan sa mga bagay na hindi naman gumagana.

## 6. Ngayon na ang oras.

Ang ideya ng isang Tinig ay mga dekada nang binubuo. Marami sa mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait ang naghirap sa pagtatrabaho at nagbigay ng kagandahang-loob.

Ang pagboto ng No ay mangangahulugang walang magbabago. Ito ay mangangahulugang tinatanggap natin na hindi tayo makakagawa ng mas mabuti.

**Huwag kang papunta sa piligro na katulad ng dati:**

- Malalang di-kahabaan ng buhay.
- Mas masamang mga resulta sa edukasyon at pagka-empleyo.
- Mas masamang mga resulta sa kalusugan.

Bumoto ng Yes para masira ang siklo at pagbuklurin ang ating bansa.

**Si Eddie Betts, taga-Adelaide at Carlton na alamat sa AFL, lalaking Gubrun, Wirangu/ Kokatha:**
*"Alam kong hindi malulutas ng Tinig ang lahat ng bagay sa isang gabi ngunit nadarama kong ito ay isang pagbubukas ng daraanan na magtitiyak na tayo ay kabilang at igagalang sa pagdedesisyon sa mga bagay na nakakaapekto sa ating lahat."*

## 7. Gumaganang praktikal na payo.

Ang Tinig ay magpapayo sa mga praktikal na hakbang upang paghusayin ang katutubong kalusugan, edukasyon, pagka-empleyo at pabahay.

Ang paglalagay ng Tinig sa Saligang Batas ay magbibigay ng katatagan at kalayaan, ngayon at tungo sa hinaharap.

Ibig sabihin nito na ang Tinig ay makapagbibigay ng prangkang payo na hindi masasabit sa anumang mga maikliang pamumulitika.

**Hindi natin malulutas sa isang gabi ang lahat ng mga paghamon na hinaharap ng mga Katutubong Australyano. Kailangan natin ng aksyon ngayon at pati pagpaplano para sa matagal na panahon.**

Kaya nga kailangan natin ng Tinig na hindi maaaring buwagin sa pamamagitan ng isang pagguhit ng pluma.

Nilinaw ng mga eksperto sa batas na ang Tinig ay hindi magkakaroon ng kapangyarihan para humadlang, mag-antala o mag-beto sa mga batas o desisyon. **Ang Tinig ay tungkol lamang sa payo.**

## 8. Pinapahusay ang paggana ng pamahalaan.

Ang pagboto ng Yes ay mangangahulugang:

- Ang pamahalaan ay nakakakuha ng mas mabuting payo at nakapaghahatid ng mga mas mabuting resulta.
- Isang karagdagan sa Saligang Batas na suportado ng mga eksperto.

patuloy ng kasong Yes sa p.20

**Sino ang may-akda nito?** **Ang nilalaman nitong argumento (na matutunghayan sa aec.gov.au/referendums/pamphlet.htm) ay pinahintulutan ng mayoridad na mga miyembro ng Parliyamento na bumoto para sa panukalang batas at nagnanais na isulong ang kasong ito. Itong mga salita ay nilimbag ng Komisyonado ng Halalan na walang pagbabago.**





# Ang kaso para sa pagboto ng No

Kung mayroon konstitusyunal na idinambanang Tinig, itong mga panawagan ay lalaong lumalakas.

> "Dapat na maintindihan ng mga Australyano na ang Tinig ay gagamitin upang suportahan ang pahahabol para sa pagkilala ng kasamang soberanya (sovereignty), ang Makarrata commission na nakadisenyo upang magkaroon ng isang kasunduan at bayad-kapinsalaang salapi at ang panibagong pagsulat sa kasaysayan ng Australya…
> Ang potensyal ng malaking hindi-mareremedyuhang kapahamakan sa lipunan ng Australyano ay nanganghulugan na ang Tinig ay hinding-hindi dapat ikakabit sa saligang batas ng Australyano …"
> *(Terence Cole AO RFD KC, dating Hukom ng Korte Suprema ng NSW )*[9]

## 8. ITO AY MAGIGING MAGASTOS AT MA-BURUKRATA (BUREAUCRATIC)

Hindi natin alam kung magkano ang karagdagang pagpopondo na mailalaan para sa Tinig na ito.

Iyan ang isa pang detalye na malalaman lamang pagkatapos ng reperendum.

**Daan-daang mga lupon ng kinatawan na Aborihinal at Taga-islang Torres Strait sa kasalukuyan** ang nasa lahat ng mga lebel ng pamahalaan.

> Itong taon na ito, ang Pamahalaan ay naglaan ng $4.3 na bilyong pera para sa National Indigenous Australians Agency, na mayroong 1,400 na kawani.

Nagsasabi itong website at plano ng kompanya na ang Ahensya ay: "Kami ay tumitiyak .... na ang mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait ay may tinig sa mga desisyon na nakakaapekto sa kanila."

Walang suhestiyon na itong Tinig ay papalitan ang anumang mga nakalagay dito. Patatakbuhin lang ito na kagaya sa karamihang burukrasya (bureaucracy).

## 9. ITONG TINIG AY MAGIGING PERMANENTE

Itong Tinig ay hindi isang programa ng pagsubok o pang-eksperimento. Hindi ito malalagay sa batas na maaaring ibaligtad.

Sa oras na mapalagay ito sa Saligang Batas, hindi na ito matatanggal.

Sa oras na gumawa ng interpretasyon ang Mataas na Korte, hindi ito mapapawalang-bisa ng Parliyamento.

Tayo ay mababaon nang habambuhay sa mga negatibong mga kahihinatnan.

## 10. MAY MGA MAS MABUTING PARAAN NG PAGSULONG

Itong reperendum ay hindi lamang tungkol sa simpleng pagkilala sa mga Katutubong Australyano sa Saligang Batas.

**Makakamit iyan na hindi kailangang nakakabit sa isang mapanganib, hindi kilala at permanenteng Tinig.**

Ang pagkilala ay may malawakang suporta ng mga Australyano. Ngunit itong panukalang Tinig ang problema.

Maraming mga Australyano ang kumokontra sa Tinig batay sa prinsipyo.

Ang iba ay maaaring pumayag sa isang mas walang peligrong mapagpipilian na Tinig, kaya lang hindi ka binigyan ng Pamahalaan ng pagkakataong pumili.

Noong may mga nakaraang panukala ng pagbabago sa Saligang Batas, nagkaroon ng Kontitusyunal na Kombensyon (Constitutional Convention) para maayos na matalakay ang mga pagpipilian at detalye.

Walang ganyang proseso ang nangyayari dito sa ngayon. Itong proseso ay minadali at may kabigatang-kamay.

Itong diskarte ay hindi sa pagkakaisa o pagka-epektibo. Ito ay naghahati.

9 Spectator Australia, 6/4/2023; Parliamentary Inquiry Submission, 19/4/2023

patuloy ng kasong No sa p.21

**Sino ang may-akda nito?** **Ang nilalaman nitong argumento (na matutunghayan sa aec.gov.au/referendums/pamphlet.htm) ay pinahintulutan ng mayoridad na mga miyembro ng Parliyamento na bumoto ng laban sa panukalang batas at nagnanais na isulong ang ganitong kaso. Itong mga salita ay nilimbag ng Komisyonado ng Halalan na walang pagbabago.**

# Ang kaso para sa pagboto ng **Yes**

Kabilang sa prosesong ito ang mga Senyor na abogado at dating mga Hukom sa Mataas na Korte.

## Ano ang sinasabi ng Mga Eksperto sa Batas:

- Tama sa Saligang Batas at ligal na makabuluhan.
- **Paghuhusayin** nito ang ating sistema ng pamahalaan.
- Walang kapangyarihang magbeto – ang Parliyamento at Pamahalaan ang may pinal na magdedesisyon.

**Robert French AC, Punong Hukom ng Mataas na Hukuman ng Australya 2008-2017 at Geoffrey Lindell, Emeritus Professor ng Batas, Unibersidad ng Adelaide:**

*"Ang Tinig ay isang malaking ideya ngunit hindi naman kumplikadong bagay. Isa itong mababa ang peligro para sa malaking pakinabang…*

*Ang Tinig ay magbibigay ng isang praktikal na pagkakataon para sa Mga Unang Tao (First Peoples) na magbigay ng may kaalaman at magkakaugnay at maaasahan na payo sa Parliyamento at Pamahalaan."*

- Artikulo ng Magkadugtong na Opinyon (Joint Opinion Piece), Australian Financial Review, 4/2/2023.

## Ngayon nasa sa atin na ang paggawa.

**Evonne Goolagong Cawley AC MBE, dating numero uno sa daigdig ng tennis, babaing Wiradjuri:**

*"Ang pagboto ng Yes ay isang pagkakataon para sa lahat ng mga Australyano na ipagdiwang ang mga kontribusyong nagawa sa ating bansa ng mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait at matulungan ang susunod na henerasyon na abutin ang kanilang mga pinapangarap. Sambutin natin itong tiyempong ito ng magkabilang kamay."*

Binigyan tayo ng mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait ng isang pagkakataon na minsanang-beses-lang-nagaganap-sa-henerasyon.

**Makakaboto tayo ng Yes upang maging bahagi ng isang magiting na oras ng pagkakaisa na magbibigay ng isang magandang kinabukasan.**

Makakaboto tayo ng Yes para:

- Gawin ang nararapat para sa mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait.
- Bigyan ng pagkakataon ang mga tao na makapagsalita tungkol sa mga problemang nakakaapekto sa kanila.
- Gumawa ng praktikal na pagkakaiba na magpapahusay sa mga buhay.

Bumoto tayo ng Yes para sa **pagkikilala, pakikinig at mas mabuting mga resulta**.

Bumoto tayo ng Yes tupang matiyak na ang mga taong Aborihinal at Taga-islang Torres Strait ay makapamuhay ng mas mabuti na may mas maraming pagkakataon para sa kanilang mga anak.

Para sa ispirito ng pagkakaisa, sama-sama tayong bumoto ng Yes.

WAKAS NG KASONG **YES**.

**Sino ang may-akda nito?** **Ang nilalaman nitong argumento (na matutunghayan sa aec.gov.au/referendums/pamphlet.htm) ay pinahintulutan ng mayoridad na mga miyembro ng Parliyamento na bumoto para sa panukalang batas at nagnanais na isulong ang kasong ito. Itong mga salita ay nilimbag ng Komisyonado ng Halalan na walang pagbabago.**



# Ang kaso para sa pagboto ng **No**

## NASA INYONG LAHAT ANG DESISYON

Ito ay napakamahalagang desisyon. Sa kasamaang-palad, ang mga lehitimong mga katanungan at mga pag-aalala ng karamihang Australyano ay binale-wala.

Sa kabutihang-palad, itong reperendum ay hindi pagpapasiyahan ng mga pulitiko, korporasyon o sikat na mga tao.

Ito ay pagpapasiyahan ng bawa't Australyano. Makakaapekto ito sa lahat ng mga Australyano.

**Kung hindi mo alam, bumoto ng no.**

## KARAGDAGANG IMPORMASYON

Para sa impormasyon at mga-update, puntahan ang:

- www.riskyvoice.com
- www.oneandfree.au
- www.australiansforunity.com.au

WAKAS NG KASONG **NO**.

**Sino ang may-akda nito?** **Ang nilalaman nitong argumento (na matutunghayan sa aec.gov.au/referendums/pamphlet.htm) ay pinahintulutan ng mayoridad na mga miyembro ng Parliyamento na bumoto ng laban sa panukalang batas at nagnanais na isulong ang ganitong kaso. Itong mga salita ay nilimbag ng Komisyonado ng Halalan na walang pagbabago.**

Itong pahina ay sinadyang iniwanang blangko.



AEC
Australian Electoral Commission

# Ang iyong opisyal na gabay

## para sa reperendum ng 2023

**Kailan ang araw ng pagboto?**

Para sa karagdagang impormasyon, i-scan ang QR code o bisitahin ang **aec.gov.au/referendums**

**aec.gov.au**
13 23 26

Awtorisado ng Komisyonado ng Halalan, 10 Mort Street, Canberra
Authorised by the Electoral Commissioner, 10 Mort Street, Canberra

# Mensahe mula sa Komisyonado ng Halalan

Matagal-tagal na panahon na rin ang nakalipas mula nang tayo ay nagkaroon ng reperendum. Ang pinakahuli ay noong 1999, na ang ibig sabihin ay marami sa mga taong makakabasa nito, na ito ang kanilang unang pagboto sa isang reperendum.

Ang isang reperendum ay isang pambansang botohan tungkol sa isang katanungan tungkol sa panukalang pagbabago sa Saligang Batas – sa kasong ito, kung dapat bang baguhin ang Saligang Batas para kilalanin ang Mga Unang Tao ng Australya sa pagtatatag ng Tinig ng Aborihinal at Taga-islang Torres Strait.

Ang pagboto sa isang reperendum ay kakaiba kaysa halalan, ang resulta ay nakabatay sa kalalabasan ng mga boto na 'dobleng mayoridad' ('double majority') – nangangahulugang:

- ang pambansang mayoridad (mahigit sa 50%) mula sa lahat ng mga estado at teritoryo, at
- ang mayoridad (mahigit sa 50%) sa mayoridad ng mga estado (hindi kukulangin ng apat sa anim na mga estado).

Nagbuo ang AEC nitong gabay para matulungan kang magplano para sa iyong pagboto sa reperendum, kabilang ang kung paano bumoto sa tamang paraan, kung ano ang mangyayari sa lugar ng botohan at mga pabatid kung paano susuriin ang mga pinagmulan ng impormasyon.

Magkakaroon tayo ng mahigit na 7,000 na mga lugar ng botohan na magbubukas sa araw ng botohan, mga pagpipiliang maagang pagboto at karagdagang mga pangkat ng Mga Serbisyo ng Pagboto sa Malalayong Lugar (Remote Voter Services) na bumibisita sa mga malalayong lugar.

Ang pagiging walang kinakampihan at pagka-independiyente ay ang pundasyon ng Komisyon sa Halalan ng Australya (Australian Electoral Commission). Ang pagi-ging maliwanag, matatag at may pananagutan sa mga proseso na aming isinasagawa ay napakamahalaga at kitang-kita ng lahat.

Ipinagmamalaki ko ang papel na aming ginagampanan sa paghahatid ng isang reperendum na may integridad sa bawa't hinahakbang nitong proseso.

Bisitahin ang **aec.gov.au/referendums** para sa karagdagang impormasyon.

**Tom Rogers**
Komisyonado ng Halalan

MAHIGIT SA
97%
ng kwalipikadong mga botante ang nasa listahan ng botante

7,000+ na
LUGAR NG BOTOHAN

500+ na
mga sentro ng maagang pagboto

AABOT SA
100,000 na
mga pansamantalang manggagawa sa reperendum

# Tumigil at Pag-isipan

## I-tsek ang pinagmulan ngayong reperendum

Sa panahon ng reperendum, maaaring makasagap ka ng impormasyon tungkol sa proseso ng pagboto na hindi suportado ng ebidensya, na may nawawalang konteksto o mapanlinlang.

Ang AEC ay isang independiyenteng ahensya na inatasan sa pagpapatakbo ng reperendum. Makikipag-usap kami sa mga botante tungkol sa kanilang mga pangangailangan para makasali, ang pakay ng mga reperendum at mga mapagpipilian sa pagboto.


Mahalaga na maingat ninyong pag-isipan kung ano ang inyong nakita, narinig at nabasa tungkol sa proseso ng reperendum.

Maglaan ng oras para pag-isipan kung ang impormasyon ay:

- nagmula sa isang maaasahan at kilalang pinagkukunan
- napapanahon
- ligtas (hindi isang panloloko)(scam).

Mas lalo itong mahalaga kung nasa social media at online.

Puntahan ang **aec.gov.au/stopandconsider** para sa karagdagang impormasyon at mga maiikling video na may mga makakatulong na pabatid.




Awtorisado ng Komisyonado ng Halalan, 10 Mort Street, Canberra

# Magplano ng maaga para bumoto sa reperendum

## Magbubukas ang mga lugar ng botohan mula ika-8 ng umaga at magsasara eksakto sa ika-6 ng gabi

### Sino ang dapat bumoto?

Ang lahat ng mga mamamayang Australyano na nasa edad 18 taon at mahigit pa ay dapat magpatala at bumoto sa reperendum na ito.

### Saan ako makakaboto?

Makakaboto ka saan mang lugar ng botohan sa iyong estado o teritoryo sa araw ng botohan. Bukas ang mga lugar ng botohan mula ika ika-8 ng umaga hanggang ika-6 ng gabi.

Karaniwang ang mga lugar ng botohan ay nasa lokal na paaralan, simbahan, bulwagang pangkomunidad at pampublikong gusali. Para malaman ang poinakamalapit mong lugar ng botohan bisitahin ang **aec.gov.au/where**

Kung mayroon kang kahirapan sa paggalaw-galaw o kapansanan, o nag-aalaga ng isang taong may kapansanan, matutunghayan mo ang mga detalye ng mga lugar ng botohan na may pang-access sa mobilidad sa **aec.gov.au/where**

Para sa mga mapagpipilian sa pagboto ng bulag at may kahirapan sa paningin, bisitahin ang **aec.gov.au/assistance** o tumawag sa **13 23 26**.

### Paano kung ako ay nasa ibang estado o teritoryo?

Kung ikaw ay magiging nasa ibang estado sa araw ng botohan, makakaboto ka sa isang nakatukoy na sentro ng pagboto sa estado o pag-isipan kung magagawa mong piliin ang pagboto ng maaga.

### Paano kung hindi ako aabot na makaboto sa araw ng botohan?

Kung hindi ka makaabot para bumoto sa lugar ng botohan sa iyong estado o teritoryo sa araw ng botohan, maaaring kwalipikado ka sa maagang pagboto nang personal o sa pamamagitan ng koreo.

### Paano ang maagang pagboto nang personal

Kung ikaw ay kwalipikado, makakaboto ka bago pa sumapit ang araw ng botohan. Ang mga sentro ng maagang pagboto ay bukas sa Lunes dalawang linggo bago ang araw ng botohan. Ang petsa at oras ng pagbubukas ay nagkakaiba-iba kaya bisitahin ang **aec.gov.au/where** para ma-tsek ang mgadetalye ng bawat sentro.

Para sa karagdagang impormasyon sa maagang pagboto at para malaman kung ikaw ay kwalipikado, bisitahin ang **aec.gov.au/early** o tumawag sa **13 23 26**.

### Paano ang pagboto ng maaga sa pamamagitan ng koreo

Ang pagboto sa koreo ay pwedeng gawin ng mga kwalipikadong botante. Alamin ang pagkakwalipikado mo at mag-aplay sa online sa **aec.gov.au/pva** o sa pamamagitan ng pag-scan ng QR code.

Mangyaring tawagan ang **13 23 26** kung hindi ka makaka-access sa online (kompyuter) at gusto mong mag-aplay ng pagboto sa koreo.

Kumpletohin ang iyong aplikasyon para sa pagboto sa koreo upang makarating ito sa AEC **nang hindi lalampas ng ika-6 ng gabi sa araw ng Miyerkules bago pa ang araw ng botohan.**

# Ano ang mangyayari sa lugar ng botohan

1. Pagsapit mo sa lugar na nagbibigay ng papel na balota, tatanungin ka ng opisyal ng botohan kung ano ang iyong pangalan at tirahan, at kung ikaw ba ay bumoto na para sa 2023 reperendum. Ang iyong pangalan ay guguhitan ng linya sa listahan ng botante.
2. Bibigyan ka ng iyong balotang papel.
3. Basahin ng maingat ang mga tagubilin na nasa papel ng balota.
4. Kumpletohin ang iyong balota.
5. Sa oras na makumpleto mo na ang iyong balota, tupiin at ilagay sa kahon ng balota na nakalaan sa lugar.
6. Kung gumamit ka ng lapis na paggamit ng AEC, ibalik iyon sa kahon sa iyong paglabas. Mayroong pampunas-linis sa kamay malapit sa labasan.

**Tandaan, kung kailangan mo ng tulong, makapagsasama ka ng taong iyong pinagtitiwalaan o magtanong sa opisyal ng botohan.**

**Seryoso ang AEC pagdating sa kaligtasan ng ating mga botante at manggagawa. Patuloy na minamanmanan ng AEC ang kala-gayan tungkol sa COVID-19 at sinusunod ang payo mula sa mga kaugnay na awtori-dad sa kalusugan. Ang impormasyon sa gabay na ito ay naglalarawan ng mga kal-agayan noong panahon na nilimbag. Maaaring magresulta ito ng mga pagbaba-go sa mga nakaplastang pag-iingat.**

**May magagamit na panlinis ng kamay at ikaw ay hinihimok na magdala at magsuot ng pantabing sa ilong at bibig at sundin ang pagdidistansya. Makakagamit ka ng malinis na lapis ng AEC o makapagdadala ka ng sarili mong lapis o bolpen.**


Authorised by the Electoral Commissioner, 10 Mort Street, Canberra

# Paano ang gagawin para mapasali sa bilang ang iyong boto

Para sa reperendum na ito, makakatanggap ka ng isang balotang papel na nakalagay ang panukalang pagbabago sa Saligang Batas ng Australya.

Sa balotang papel:


Isulat ang **YES** kung inaaprubahan mo ang panukalang pagbabago


Commonwealth of Australia
BALLOT PAPER
State/territory
Referendum on proposed Constitution alteration
DIRECTIONS TO VOTER
Write “YES” or “NO” in the space provided opposite the question set out below.
A PROPOSED LAW:
There would be a description of the proposed constitutional change here.
DO YOU APPROVE THIS PROPOSED ALTERATION? YES
WRITE “YES” OR “NO”
OFFICIAL USE ONLY
AEC Australian Electoral Commission
SAMPLE

Halimbawang balotang papel

**O KAYA**

Isulat ang **NO** kung hindi mo inaaprubahan ang panukalang pagbabago


Commonwealth of Australia
BALLOT PAPER
State/territory
Referendum on proposed Constitution alteration
DIRECTIONS TO VOTER
Write “YES” or “NO” in the space provided opposite the question set out below.
A PROPOSED LAW:
There would be a description of the proposed constitutional change here.
DO YOU APPROVE THIS PROPOSED ALTERATION? NO
WRITE “YES” OR “NO”
OFFICIAL USE ONLY
AEC Australian Electoral Commission
SAMPLE

Halimbawang balotang papel

Ang iyong sagot ay dapat nakasulat sa wikang Ingles.

Huwag mag-alala kung may nagawa kang kamalian. Makakahingi ka ng panibagong balotang papel at mag-umpisa ulit sa pagsulat.

**Ang pagboto ay sapilitan para sa mga mamamayang Australyano na edad 18 taon at mas matanda pa. Kung hindi ka bumoto, mamumultahan ka o masasakdal. Kung bumoto ka nang mahigit sa isang beses, iyan ay kriminal na pagkakasala.**

Awtorisado ng Komisyonado ng Halalan, Canberra | Authorised by the Electoral Commissioner, 10 Mort Street, Canberra